**Kawíng 1.2 (2017): 100-101**

# Siklo ng Pagbabanyuhay

**Ronnel V. Talusan**
Maronquillo National High School, San Rafael, Bulacan
ronneltalusan@yahoo.com.ph
~~~

*Pagpupunla:*
Obramaestrang hinubog ng kapangyarihan
pinuspos pagpapala’t lantay na kagandahan
iginawad Niya paraisong kalikasan
nilalang ang lahat ng dito’y naninirahan

*Pagtatanim:*
ang tao ay nilikha upang pangalagaan
lahat ng nabubuhay sa buong sanlibutan
kalakip ang pagkakaloob ng karapatan
sa bawat handog, may aasahang pakinabang

*Pagsusupling:*
maligayang tinamasa ang bawat biyaya
mula sa gubat at bundok, katubiga’t lupa
narahuyong labis-labis at nagpakasasa
Ang yamang inaalay hinamig nang lahat na

*Pagbubunga:*
nagasak itong kagubatan at kabundukan
nagkalason, dumuming hangin at katubigan
pagkalunod ay malawakan sa kalupaan
tumutupok ang apoy, may pagguho saanman

*Pag-aalaga:*
hinihingi ng mundo ay isang pagbibigkis
sangkatauha’y dapat mabuklod sa pag-ibig
pagliligtas ay kailangang pag-ibayuhin
sa kapakanan nitong salinlahing darating

*Pagbabanyuhay:*
sa paglulunti ng mga halama’t bulaklak
~~~

nangangako’y bukas na  maaya at busilak
sa ngalan ng pag-ibig sa Diyos at sa bayan
magbabanyuhay ang luntiang sandaigdigan!

**Tungkol sa May-akda:**

**RONNEL V. TALUSAN**

Kasalukuyang nagtuturo sa Maronquillo National High School, sa San Rafael, Bulacan. Naging instruktor sa sa Bulacan Polytechnic College, San Rafael Campus at sa Marian College of Baliuag. Nagturo ng mga asignaturang Filipino, Sosyolohiya at Rizal. Nagtapos ng kursong Batsilyer ng mga Sining sa Filipinolohiya sa PUP, Sta. Mesa, Manila; at Master ng Artes sa Filipino sa nasabi ring institusyon.  Kasapi ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), Master of Arts in Filipino Society (MAF Society), at Panrehiyong Samahan ng mga Guro sa Filipino (PASAGUFIL).